Duc Ad Veritatem
FILIPINO 5ABC
Handout Bilang 1

Pangalan_____Petsa_____Seksyon_____

Ang Resipe ng Pagiging Tunay na Pilipino

Nagmamadali sina Dorie at Gemma sa paglalakad. Wika ni Dorie, "Bilisan mo, Gemma, huwag kang lakad-pagong. Alam mo namang matampuhin si Shirley kapag mahuli tayo o hindi natin siya madaanan papuntang oditoryum. Ayaw kong mangyari iyon dahil kabungguang-balikat natin siya."

"Heto na nga, lakad-takbo na nga ang ginagawa ko."

Inabutan nila si Shirley na salubong na ang kilay.

"Ang tagal n'yo naman, nandiyan na ang panauhin. Alam n'yo bang mahal na tao ang ating panauhin?" ang bungad ni Shirley.

Punung-puno ng tao ang oditoryum. Lahat ay nasasabik na marinig ang talumpati ng panauhing pandangal. "Nakikita ko sa matatamis na ngiti ninyo ang bahaghari ng pag-asa upang umunlad ang ating bansa. May kasabihan nga na hindi hadlang ang pagiging anak-pawis natin upang makatulong sa pag-unlad ng bansa. Bilang mga Pilipino, marami kayong ginagawang mga bagay para sa ating minamahal na bayan.

Ang bawat mamamayan... ang bawat isa sa atin ay nararapat lamang na kumilos at gumawa ng paraan upang maipakita niya ang iba-ibang pag-uugali sa pagiging isang tunay na Pilipino.

Huwag sayangin at balewalain ang pahayag ng ating pambansang bayani na, "Kabataan ang pag-asa ng bayan." Hindi rin dapat kalimutan na ang matatanda ang pundasyon ng lipunan. Hayaan ninyong ibahagi ko ang aking pananaw kung papaano maging isang tunay na Pilipino. Ibabahagi ko ito sa pamamagitan ng isang resipe.



Mga Kailangan:

25% - pagiging maka-Diyos

25% - pagiging makabayan

25% - pagiging makatao

25% - pagiging makakalikasan

Mga Dapat Gawin:

Una muna ang paggalang at pagmamahal sa Diyos na Lumikha. Huwag magtaingang-kawali sa mga magandang asal na itinuturo ng mga salita ng Diyos. Hindi sa salita lamang kundi pati na rin sa gawa. Lagi nating iisipin ang paggawa ng mabut sa ating kapwa. At dahil sa magandang gawa, napapatunyan na bukod sa pagiging maka-Diyos, nagiging makatao ka rin.

Ikalawa, magkatuwang ang makabayan at makakalikasan. Kapag may malasakit ka sa kalikasan , maipapakita mo rin ang pagiging makabayan.Kapag may malasakit tayo sa kalikasan, iniiwasan natin na masira ito. Kung ito ay ating pahahalagahan, tumutulong na rin tayo sa pamahalaan at sa bansa. Dahil dito, ang diwa ng pagiging makabayan at makakalikasan ay nabubuo.

Bilang pan tay tayo sa bawat isa. ng bagong

salinlahi.” Matutunog na palakpakan ang isinalubong sa panauhin. Pagkatapos nito, sina Dorie, Gemma at Shirley ay sabay-sabay na bumalik na sa kanilang klase na masayang-masaya at may natutunan pa.

- Hango sa Librong
  Yaman ay Pamana 5

May Apat na Kayarian ang mga Salita:

1. Payak - salitang-ugat
2. Maylapi - salitang-ugat at may panlapi
3. Inuulit - kapag ang salitang-ugat ay inuulit

ganap:	**di-ganap**
tuloy-tuloy	pasayaw-sayaw
sama-sama	kukuha
basing-basa	aawit

4. Tambalang-salita - dalawang magkaibang salitang pinagsama upang makabuo ng bagong kahulugan

ganap:	**di-ganap**
bahaghari	bahay-kubo
hampaslupa	anak-mayaman



Gawain:

Sagutan ang gawain sa pamamagitan ng paglagay sa bawat hanay ng mga salita mula sa binasa at ihanay ito ayon sa kayarian.

Payak na Salita	Salitang Maylapi	Salitang Inuulit	Tambalang Salita



Tandaan Mo!

Ang mga uri ng salita ayon sa kayarian ay ***payak***, ***inuulit***, ***maylapi*** *at* ***tambalan****.*

1. *Ang* ***payak*** *ay salitang-ugat o slitang walang panlapi, di-inuulit, o di-sinasamahan ng ibang salita.* ***Hal. ganda, asal, laro***

2. *Ang* ***inuulit*** *ay salitang inuulit kundi man ang buong salita ay ang isa o mahigit pa sa isang pantig nito.*
   a. Kapag buong salita ang inuulit, tinatawag itong pag-uulit na **ganap**
      Hal. sama-sama, tali-tali, paris-paris
   b. Kapag bahagi lamang ng salita ang inuulit, tinatawag itong pag-uulit na **di-ganap**.
      Hal. kabi-kabila, pira-piraso, kasa-kasabay

3. *Ang* ***maylapi*** *ay binubuo ng salitang-ugat at ng panlapi o mga panlapi. Unlapi, gitlapi, hulapi, at kabilaan ay mga uri ng pnlapi.*
   Hal. umpisa, tumalon, samahan

4. *Ang* ***tambalan*** *ay binubuo ng dalawang salita na pinag-iisa ang kahulugan.*
May dalawang uri ng tambalang salita: tambalang di-ganap at tambalang ganap:
   a. Di-ganap ang tambalan kapag ang kahulugan ng salitang pinagtatambal ay nananatili.
      Hal. bahay-ampunan, tulay-kawayan, kilos-reyna
   b. Ganap ang tambalan kapag bumubuo ng kahulugang iba sa kahulugan ng dalawang salitang pinagtambal.
      Hal. dalagambukid, takipsilim, hatinggabi